


For RED
signature

please return
to sender

Thank you.



Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
Provincial Environment and Natural Resources Office



MEMORANDUM

FOR : The Regional Executive Director
MIMAROPA Region

THRU : The ARD for Technical Services


FROM : The OIC- PENR Officer
Oriental Mindoro

SUBJECT : **ENDORSEMENT OF MINUTES OF THE MEETING OF
NAUJAN LAKE NATIONAL PARK-PROTECTED AREA
MANAGEMENT BOARD (NLNP-PAMB) EXECUTIVE
COMMITTEE MEETING LAST NOVEMBER 9, 2022**

We are endorsing the minutes of the Executive Meeting of the Naujan Lake National Park-PAMB. The meeting was held on November 9, 2022 at Vencio's Garden Hotel and Restaurant, Calapan City. Also, attached are the photo-documentation and attendance sheet of the meeting.

For information and consideration.

For and in the absence of the OIC, PENR Officer:


MARICEL V. SUPLEO
Chief, Management Services Division
In-charge, Office of the PENRO

PENRO Tracking No. 2211000601
TSD-CDS/aem



DENRPENRO2211000024



Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES
NAUJAN LAKE NATIONAL PARK
Protected Area Management Board
Oriental Mindoro



KATITIKAN NG PAGPUPULONG
(NLNP-PAMB Executive Committee Meeting)

Petsa: November 9, 2022

Lugar: Vencio's Garden Hotel & Restaurant,
Calapan City, Oriental Mindoro

Mga Dumalo:

- | | | |
|---------------------------|---|-----------------------------------|
| 1. LORENZO F. CARREON II | - | OIC-MPDC, LGU-Pola |
| 2. RACHEL B. MONTERO | - | SRS II, DOST |
| 3. MARILYN M. ALCANICES | - | PAgO-Fishery Sector, Calapan City |
| 4. RAQUELITA M. UMALI | - | MGDH-I, LGU-Naujan |
| 5. ATTY. MANUEL P. DELICA | - | MPDC, LGU-Socorro (via zoom) |
| 6. LYDIA MUÑECA S. MELGAR | - | PPDO, Calapan City (via zoom) |

Mga Hindi Dumalo:

- | | | |
|----------------------------|---|--------------------|
| 1. EnP. CAROLINE G. MANUEL | - | MPDC, LGU Victoria |
|----------------------------|---|--------------------|

Mga Panauhin:

- | | | |
|-----------------------------|---|---|
| 1. JOSEHARI M. SARABIA | - | SAQ, BFAR MIMAROPA |
| 2. REIZA MIA DE LARA | - | P. ENGINEER, HARVEE CONST. |
| 3. LOU JEWEL EVANGELISTA | - | SITE ENGINEER, DPWH IV-B |
| 4. CJ BANTILING | - | MBCFI Representative (via zoom) |
| 5. REYMAR M. MALAPOTE | - | DRIVER, BFAR CALAPAN CITY |
| 6. RICARDO R. NATIVIDAD | - | Senior ECOMS/PASu, DENR PAMO-NLNP |
| 7. JOSE MARIA M. FONTANILLA | - | ECOMS I/ APASu, DENR PAMO-NLNP |
| 8. RHONA CARLE-LIWAG | - | Forest Ranger/Special IPAF Collecting Officer, DENR PAMO-NLNP |
| 9. ERIC C. GITO | - | PMF, DENR PAMO-NLNP |
| 10. HERRICK A. JURADO | - | Forest Ranger, DENR PAMO-NLNP |
| 11. ARMANDO D. CABUNGCAL | - | Forest Ranger, DENR PAMO-NLNP |
| 12. ROMALYN F. FLORES | - | Project Support Staff, NLNP |

PAGPUPULONG

Nagsimula ang pagpupulong sa ganap na ika-9:30 ng umaga sa pamamagitan ng isang panalangin. Nagbigay ng kaniyang panimulang pananalita si PASu Ricardo Natividad ng Naujan Lake National Park upang batiin ang mga dumalo sa araw na iyon na pinasalamatan

51 ang bawat miyembro ng Protected Area Management Board (PAMB) Executive Committee sa
52 kanilang pagdalo at taos-pusong pakikilahok sa pagpupulong sa umagang iyon bagaman
53 maraming mga gawain ang bawat isa. Kinilala ni G. Fontanilla ang mga nagsipagdalo at mga
54 panauhin. Kanya ding ibinahagi na may anim (6) na miyembro ng PAMB Executive
55 Committee members ang dumalo sa pagpupulong.

56
57 Ibinahagi ni PASu Natividad na may korum ang nasabing pagpupulong. Inihain niya
58 ang nominasyon sa magiging tagapanguna ng pagpupulong na tinugunan ni Bb. Marilyn M.
59 Alcañices ng PAgo sa pagmungkahi niya kay OIC-MPDC Lorenzo Carreon II ng LGU Pola.
60 Pinangalawahan ng lahat ang nominasyon kaya't inumpisahan ang pagpupulong sa
61 pangunguna ni G. Carreon.

62 63 **Presentation and Approval of the Agenda**

64
65 Pinangunahan ni APASu Fontanilla ang pagbabasa ng adyenda ng pagpupulong at
66 pagpapadaloy ng bawat isang nabanggit ng tagapanguna. Kaya't iminungkahi ni MGDH-I
67 Raquelita Umali ang pagpasa ng adyenda ng pagpupulong na sinang-ayunan ng nakararami.
68 Kaya't inumpisahan ni G. Carreon ang mga nabanggit na may kabuuan na pitong (7) adyenda
69 sa araw na iyon.

70 71 72 **Meeting Agenda**

73 74 **Updates on the Proposed Naujan Lake Wetland Center Project**

75
76 Ayon kay G. Fontanilla, hindi makakadalo sa pagpupulong ang kinatawan ng
77 mungkahing proyekto ngunit nagbigay naman siya ng ilang updates. Ibinahagi ni G. Fontanilla
78 na ayon kay Dr. Stephenson Don Calda ng Provincial Tourism, nasa proseso na sila ng
79 pagsasaayos ng deed of donation at joint venture agreement para sa lupain ni dating District
80 Representative Rodolfo G. Valencia na pagtatayuan ng proyekto.

81 82 **Updates on the Proposed Capstone Project of Bachelor of Science in Information System** 83 **students of City College of Calapan**

84
85 Hindi rin nakadalo ang mga kinatawan ng BSIS students ng City College of Calapan
86 sapagkat wala pa silang updates at may mga gawain pa sa kanilang dalubhasaan.

87 88 **Presentation regarding changes in the Boardwalk/Bicycle lane Project Phase II**

89
90 Iprinesenta ni Site Engr. Reiza Mia De Lara ng DPWH ang pagpapatuloy ng
91 Boardwalk/Bicycle lane Project Phase I at ang plano ng gagawing pagbabago sa
92 Boardwalk/Bicycle lane Project Phase II sa pamamagitan ng powerpoint presentation.

93
94 Pinasalamatan ni G. Carreon ang naging presentasyon ni Engr. De Lara. Itinanong ni
95 Bb. Alcanices kung ito ay kasama pa rin sa naunang isinumite na project proposal na sinang-
96 ayunan naman ni Engr. Evangelista ng DPWH. Idinagdag naman ni Gng. Umali na kahit ito ay
97 *changes* lamang sa naunang proyekto ay dapat pa rin na sundin ang mga *requirements* na
98 kailangang isumite na inayunan ni G. Carreon bilang tagapanguna. Dagdag naman ni PASu
99 Natividad na tama naman ang mga naging mungkahi ng karamihan na dapat pa rin nilang

sundin ang mga requirements na dapat isumite bagaman ito ay pagbabago lamang. Dagdag ni Bb. Alcanices na upang maging madali para sa kanila ang pagkalap ng mga dokumento ay sumangguni sa PAMO upang mabigyan ng checklist ng mga dapat isumite. Tanong naman ni Bb. Montero ng DOST na kung ang mga larawan na ibinahagi ay nangangahulugan na *on-going* na ang *construction* nito na sinang-ayunan naman ni Engr. De Lara ng DPWH. Ang naunang plano ay gagawin sanang isang *ecopark* ngunit may mga hindi napagkasunduan kaya't binago at gagawin na lamang *parking* ito. Ayon naman kay G. Fontanilla na ang pagpresenta ng *contractor* ay ayon na rin sa nais ng PAMO upang maging malinaw ang mga nasabing *changes* ng Boardwalk/Bicycle lane Project Phase II. Dagdag naman ni G. Carreon na maipresenta ang *original plan* sa susunod na pagpupulong upang maikumpara sa kanilang plano ngayon at ang mga nais baguhin dito. Pinuna naman ni PASu Natividad na kung sakali ay magkaroon ng ganung pagbabago ay hindi maapektuhan ang *natural ground* para sa mga migratory birds na nagiging kanlungan ang Naujan Lake. Sinagot naman ni Engr. De Lara na ipapakita muna nila ang planong gagawin para dito bago pa man paaprubahan. Iminungkahi ni PASu Natividad na magkaroon ng *site visit* upang makita ang mga gagawing pagbabago sa nasabing proyekto na napagkasunduan ng lahat.

Presentation of proposed study titled "Risk Assessment of Potential invasive species in Lake Naujan, Oriental Mindoro

Iprinesenta ang kanilang proposed study ni G. Allan Gilles sa pamamagitan ng isang powerpoint presentation na may layunin na ma-assess ang freshwater species para sa potensyal na maging invasive sa Naujan Lake. Nais nilang kumuha at pagsamahin ang mga nakalap napag-aaral at iba pang pamamaraan upang makagawa ng listahan ng mga extant fishes sa Naujan Lake. Gayundin ang pagsuri kung mayroon pang non-native species mula sa mga nakolektang samples mula sa ginawang listahan. At alamin ang potensyal ng non-native species o NNS upang maging invasive gamit ang Aquatic Species Invasiveness Screening Kit (AS-ISK). Nagbigay ng pasasalamat si G. Sarabia ng BFAR sa gagawing assessment at dagdag niya na ang ganitong mga pag-aaral ay maganda upang mas lalo pang makilala ang Naujan Lake pagdating sa mga maari nilang makita dito. Sa huli ay iminungkahi ng karamihan ang muli nilang pagpresenta sa susunod na pagpupulong. Napagkasunduan rin na magkaroon ng MOA sa pagitan ng dalubhasaan nila G. Gilles at DENR MIMAROPA katulad ng ginawa ng Mindoro State University (MinSU) sa pamamagitan ng mungkahi ni Bb. Alcañices na sinang-ayunan ng lahat. Ito ay upang masigurado na ang mga pag-aaral na isinasagawa sa NLNP ay mabibigyang sipi at resulta na magiging kapaki-pakinabang sa PA.

Ibinahagi ni G. Fontanilla na ayon kay Dr. Kathy Escalona ng MinSU ay naaprubahan na ng BOR ang MOA at sa bahagi naman ng DENR ay naisumite na sa Regional Office ang nasabing dokumento.

Study about Phylogenetics, Population Genetics and Morphological Analyses of Common Philippine Freshwater Gobioid Fishes Study

Ang nasabing pag-aaral ay mula kay Onaya Abdulmalik-Labe ng University of the Philippines, Institute of Biology, College of Science at iprinesenta sa pamamagitan ng isang powerpoint presentation. Ito ay may layunin ayon sa mga sumusunod:

(Objective 1.) Examine and compare level of genetic diversity of different populations of *Glossogobius aureus* and *Giuris laglaizei*;

(Objective 2.) Conduct geometric morphometric analyses of different populations of *Glossogobius aureus* and *Giuris laglaizei*;
(Objective 3.) Determine phylogenetic placement of Philippine freshwater gobioids; and
(Objective 4.) Determine if there are new or cryptic species based on molecular analysis.

Matapos ang presentasyon ay iminungkahi ng karamihan ang muli nilang pagpresenta sa susunod na pagpupulong. Napagkasunduan rin na magkaroon ng MOA sa pagitan ng dalubhasaan nila Onaya Abdulmalik-Labe at DENR MIMAROPA sa pamamagitan ng mungkahi ni G. Umali na sinang-ayunan ng lahat.

Study about Population Genetics and Geometric Morphometric Analysis of Silver perch, *Leiopotherapon plumbeus* (Kner, 1864) Study

Ang nasabing pag-aaral ay mula kay Raisa Mikaelle Castillo ng University of the Philippines, Institute of Biology, College of Science at iprinesenta sa pamamagitan ng isang powerpoint presentation. Ang layunin nito ay naglalayong masuri ang mga pagkakaiba sa pagitan ng ibat ibang populasyon ng Pilipinas sa pamamagitan ng:

- (1) Conducting landmark and outline-based geometric morphometric analyses; and
- (2) Population genetic analysis using cytochrome

Ang Ayungin o *Leiopotherapon plumbeus* ay gagawing halimbawa sa iba't-ibang lawa sa buong Pilipinas kabilang ang Naujan Lake. Ito ay magmumula sa mga palengke, palaisdaan o direkta sa mga mangingisda na malapit sa baybay lawa.

Katulad sa naunang presentasyon, ito ay iminungkahi ng karamihan ang muli nilang pagpresenta ng pag-aaral sa susunod na pagpupulong. Napagkasunduan rin na magkaroon ng MOA sa pagitan ng dalubhasaan nila Raisa Mikaelle Castillo at DENR MIMAROPA sa pamamagitan ng mungkahi ni Bb. Alcañices na sinang-ayunan ng lahat.

Discussion about use of “Bonbon” fishing method

Ibinahagi G. Fontanilla ang isinagawa ng PAMO sa Naujan Lake sa may bahagi ng Brgy. Laguna, Naujan noong Oktubre 20, 2022 upang saksihan ang aktuwal na pag-aahon ng “Bonbon” kasama ang BFAR sa pangunguna ni G. Sarabia, kinatawan ng PAgO na sina Jonathan Mingi at Bb. Babylyn R. Claud, representante ng LGU Naujan Fishery, G. Mislang at walong kapulisan mula sa 1st Provincial Mobile Force Company. Ito ay isinagawa ng PAMO batay sa napag-usapan noong nakaraang consultative meeting sa mungkahi ni Gng. Pago upang maging legal ang ganitong paraan ng pangingisda. Ito ay nakapaikot na fishing net at bago ahunin ang mga isda ay kailangan muna ilipat ang mga waterlily sa loob nito. Ito ay pagmamay-ari ni Reniel Pago mula sa Bayani, Naujan. Ang concern lamang dito ay ang paraan ng pagharvest ay makakaistorbo sa ilalim nito.

Iprinesenta rin ni G. Fontanilla ang location map ng mga “Bonbon” sa loob ng Naujan Lake, ito ay mula sa Brgy. Malabo, Victoria na may bilang na (1) isa, Brgy. Urdaneta, Victoria at Laguna, Naujan na may (2) dalawa at Brgy. San Pedro, Naujan na may (3) tatlong bilang sa kanilang lugar. Ayon kay Bb. Alcanices na ito ay may halintulad sa tinatawag na “payaw” kaya pumupunta dito ang mga isda ay sa dahilang ito ang nagiging *spawning ground* nila. Dapat ay magkaroon ng mga lokasyon at bilang ng mga dapat lamang ilagay upang magkaroon ng sistema ang ganitong uri ng pangingisda sa loob ng Naujan Lake.

Sa huli ay ibinahagi ni G. Fontanilla na ang ginawang activity na ito ay upang mobilize ang paggamit ng bonbon lalo't may mga pamilya na ito na ang ginagawa nilang pangkabuhayan katulad na lamang ni Punong Barangay Hermogenes Pago ng Brgy. Bayani, Naujan na ibinahagi noong nakaraang consultative meeting na nagkumbinsi sa PAMO na magsagawa ng ganitong paraan. Iminungkahi ni Bb. Alcañices na ito ay pag-aralan muna upang makagawa ng mga masusing pagpapalano ukol sa pangisdang bonbon sa susunod na taon upang mabigyan ng pagkakataon ang kahilingan ng mga mangingisda. Napagkasunduan rin na pangungunahan ng LGU Naujan ang gawaing ito sa pangunguna ni Gng. Umali na sinangayunan ng karamihan.

Discussion about delegation of other PAMB members to committees

Ibinahagi ni G. Fontanilla ang kasalukuyang hanay ng mga komitiba ng Protected Area Management Board o PAMB. Ipinakita niya ang tagapangulo at mga miyembro ng bawat komite na batay sa Resolution No. 6, Series of 2018.

Binigyang klaro ni Gng. Umali na noon ay kasama ang SB sa mga nasabing komitiba ngunit kung iaayon sa ENIPAS ay hindi na sila kasama sa hanay. Ayon pa kay G. Fontanilla na isa pang miyembro ang hinihintay na isama at ito ay ang Fishery Federation President ng apat na munisipyo na magiging kasama ang mga CSO. Sa kasalukuyan ay Pola, Socorro at Victoria na ang mayroong mga pangulo ng kanilang pederasyon. Kaya't pag-uusapan na rin kung kailan ang magiging PAMB en Banc upang ito ay mabuo at mapagpasyahan sa pagpupulong. Inatasan din ng PAMB ExeCom ang PAMO na balangkasin ang bawat komitiba na ipepresenta sa susunod na pagpupulong para sa pagpapatibay. Gayundin upang ang ibang ahensya na miyembro ng PAMB ay makapagpasya sa kanilang komitiba na nais samahan.

Other Matters

Request Clearance ng construction ng Brgy road sa Montelago

Ibinahagi ni G. Fontanilla ang ginawang resolusyon ng Brgy. Montelago, Naujan, ang Resolusyon Bln. 7, Series of 2022 kung saan nakasaad ang pagpapatayo ng kanilang daan sa Sitio Proper hanggang Sitio Tigbao. Bagamat may dati nang daan o *pathwalk* ay nais nilang palawakin pa ng 3 metro lapad. Iminungkahi ng karamihan na magpresenta ng mapa sa susunod na pagpupulong upang makita ang gagawing pagpapalawak ng daan at sakop nito. Ayon kay G. Umali, nagbigay sila ng paalala sa mga *lakeshore barangays* na kung may mga proyekto na nais sa kanilang lugar ay marapatin na ihingi ng permiso o clearance sa PAMB lalo't higit ito ay nasasakupan ng Naujan Lake National Park bago pa man umpisahan ang proyekto. Pinasalamatan ni G. Fontanilla si Gng. Umali sa ginawang pagpapaalala.

Kaugnay nito, ang lahat ng nais kumuha ng PAMB Clearance ay kinakailangang ipresenta sa PAMB en Banc para ito ay mapagpasyahan sa pagpupulong. Kabilang rin sa hanay ay ang request ng PAMB Clearance ni Gng. Natividad C. Genabe para sa pagputol ng 160 piraso ng puno ng gmelina sa Brgy. Matulatula, Pola na ihahain sa susunod na pagpupulong.

Sa huli ay napagkasunduan na ang susunod na pagpupulong ng PAMB en Banc ay gaganapin sa Nobyembre 29, 2022.

Natapos ang pagpupulong sa ganap na ika-1:22 ng hapon sa pamamagitan ng mungkahi ni MGDH-I Raquelita Umali ng LGU Naujan na pinangalawahan ni Bb. Rachel Montero ng DOST.

Inihanda ni:


RICARDO R. NATIVIDAD
PASu, NLNP/PAMB Secretariat

Pinatunayan ni:


LORENZO F. CARREON II
Tagapanguna/MPDC, LGU Pola

Pinagtibay ni:

LORMELYN E. CLAUDIO, CESO IV
Regional Executive Director/PAMB Chairperson



Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
Community Environment and Natural Resources Office

PHOTOS DURING THE CONDUCT OF NAUJAN LAKE NATIONAL PARK – PROTECTED
AREA MANAGEMENT BOARD (NLNP-PAMB) EXECUTIVE COMMITTEE MEETING AT
VENCIO'S GARDEN HOTEL & RESTAURANT, CALAPAN CITY, OR. MINDORO
NOVEMBER 9, 2022





Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
Community Environment and Natural Resources Office

PHOTOS DURING THE CONDUCT OF NAUJAN LAKE NATIONAL PARK – PROTECTED
AREA MANAGEMENT BOARD (NLNP-PAMB) EXECUTIVE COMMITTEE MEETING AT
VENCIO'S GARDEN HOTEL & RESTAURANT, CALAPAN CITY, OR. MINDORO
NOVEMBER 9, 2022



Zoom Meeting

View

ALLAN GILLES

mamay turing

Manuel P. Delica

Onaya Labe

Rai Castillo

Jean-Matthew Bate

Angela Klarizza Solomon

Jose Maria Fontanilla

CJ Bantiling

Chat

for other members of the Board before we start po. Salamat.

Jean-Matthew Bate to Everyone

Ok po, Thankyou

Me to Everyone

naujanlakenp@gmail.com

Rai Castillo to Everyone

Sent na po. Salamat!

Me to Everyone

Salamat po

Angela Klarizza... to Me (Direct Message)

good morning po! for our group po, si Sir Allan Gilles po mag present. kami po yung sa risk assessment

Who can see your messages? Recording On

To: Everyone

Type message here

Go to Settings to activate Windows.

Type here to search

30°C

10:45 AM 11/9/2022

Zoom Meeting

View

Onaya Labe

mamay turing

Rai Castillo

Jean-Matthew Bate

Angela Klarizza Solomon

Jose Maria Fontanilla

PPDO - Lydia M...

CJ Bantiling

Chat

Sent na po. Salamat!

Me to Everyone

Salamat po

Angela Klarizza... to Me (Direct Message)

good morning po! for our group po, si Sir Allan Gilles po mag present. kami po yung sa risk assessment

Manuel P. Delica to Everyone

gd morning sa lahat, pasensya na po, may difficulty ang wifi, generally weak po. pero naka on.

Jose Maria Fontanilla to Everyone

understood po sir. maraming salamat po sa pagsama sa ating meeting.

Who can see your messages? Recording On

To: Everyone

Type message here

Go to Settings to activate Windows.

Type here to search

30°C

11:11 AM 11/9/2022



Attendance Sheet

Naujan Lake National Park – Protected Area Management Board (NLNP-PAMB) Executive Committee Meeting

Vencio's Garden Hotel and Restaurant, Calapan City, Oriental Mindoro

November 9, 2022

No.	Name	Sex		Position	Office/Address	Contact No.	Signature
		M	F				
1.	VENCIO F. CHAVEZ II	✓		MPDC-DIC	MPDU - BUA	096-670802	
2.	JOSEHARRI M. SARMEDIA	✓		O/C-CAPTURE SEC	BFAR MIMAROPA	091940062216	
3.	RITA MIA DELA CRUZ		✓	P-Engineer	HARITE CONY.	097038847811	
4.	LOU JEWEL Evangelista	✓		Site Engineer	DRUH- IWB	09171291266	
5.	RACHEL MONTENEGRO		✓	SAS II	DOCS	09167486724	
6.	Manilyn R. Alcaraz		✓	Supervisory Ag	PAPO		
7.	Raqueita M. Umali		✓	MOBHI - Agric	MAAO-Naujan		
8.	Reynier M. Malapote		✓	Driver - BFAR	Calapan City	091007023268	
9.	Arnold A. Juvied	✓		PR	CEMRO-SOC		
10.	RICARDO R. TATUARAN	✓		STENSO/KLO	CEMRO-SOC		
11.	RITA C. LUCAS		✓	PR	CEMRO-SOC		
12.	ERIC C. GITO	✓		PMF	CEMRO-SOC		
13.	JOSEWARRIA M. FORTANILLA	✓		ECOMS I / Asst. PMF	CEMRO-SOC / PMF		
14.	Romelyn F. Flores		✓	PSS	CEMRO-SOC		
15.	Armando D. Cabungca	✓		PR	CEMRO-SOC		